



Stroke

Ang stroke ang nangunguang sanhi ng kamatayan at kapansanan sa Estados Unidos. Ang pag-iiwas at pamamahala sa mga sekundaryang kondisyon tulad ng hypertension, diyabetes, obesity, at sakit sa puso ay sumusuporta sa pangkalahatang kalusugan at nakakatulong na mabawasan ang panganib na ma-stroke.



TANONG: Ano ang stroke?

- 1 Bumisita sa <https://www.christopherreeve.org/international/tagalog-hub/> para sa mga karagdagang mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong | Na-update: 3/2024

Ang stroke ay nagaganap kapag ang dugo na dumadaloy sa utak ay nahaharangan o sanhi ng pagdurugo sa utak.

Mayroong dalawang uri ng stroke: ischemic at hemorrhagic.

Ang Ischemic strokes ay ang pinakakaraniwan, na nananagot sa 87% ng mga stroke. Nagaganap ang mga ito kapag ang mga blood vessel sa utak ay nahaharangan (ng mga pamumuo o pagdami ng mga fatty deposit at cholesterol).

Ang Hemorrhagic strokes ay nagaganap kapag ang blood vessel ay sumabog sa utak at dumadagan sa pumapalibot na brain tissue.

TANONG: Paano ko makikilala ang mga sintomas ng isang stroke?

Biglaan ang paglabas ng mga sintomas at maaaring kabilang dito ang pagmamamhid o panghihina, lalo na sa isang parte ng katawan; pag-ngiwi o pagbaba ng parte ng mukha; malabo o kahirapan na magsalita; pagkalito at hrap na makaintindi sa mga siasabi; mga problema sa paningin sa isa o parehong mata; pagkahilo, kawalan ng balanse o koordinasyon; pagsusuka o pagkahilo; lethargy; at matinding sakit ng ulo na walang matiyak na sanhi.

Kung maramdaman mo ang alinman sa mga sintomas na ito, tumawag agad sa 911. Ang matagumpay na paggagamot ay depende sa mabilis na pagtugon.

TANONG: Paano ginagamot ang stroke?

Kailangan ng maagap na medikal na pag-aalaga ang stroke at marahil ay umabot sa pagkaka-ospital. Ang tagal ng pag-aalaga ay matitiyak ayon sa uri ng stroke, kung gaano katagal lumipas ang panahon mula nang makaramdam ng mga sintomas, at kung may iba pang mga medikal na kondisyon na nakikita.

Ang ischemic stroke ay karaniwang ginagamot sa pamamagitan ng pinagsamang pag-oopera at gamot para mahiwa-hiwalay ang mga blood clot. Depende kung gaano kabilis mag-uumpisa ang paggagamot, bibigyan ng plasminogen activator (tPA) o anticoagulants para mawasak ang mga pamumuo o maiwasan lumaki ang mga ito, o maaaring gawin ang isang thrombectomy para maalís ang pamumuo at mabuksan ang arteries. Kung ang stroke ay sanhi ng pamumuo ng plaque, maaari rin gawin ang carotid endarterectomy para maalís ang plaque sa artery sa leeg.

Ang hemorrhagic stroke na paggagamot ay depende sa lokasyon at dami ng pagdurugo. Marahil rin gawin ang isang emergency na pag-opera para matimpi ang pagwasak nito, at maalís ang sobrang dugo mula sa utak. Maaari rin magbigay ng gamot para mapababa ang blood pressure at mabawasan ang pananakit makalipas na ma-opera.

TANONG: Ano ang nagpapataas sa posibilidad na magka-stroke?

Ang mga mapanganib na salik na pinapataas ang posibilidad ng pagkakaroon ng stroke ay kinabibilangan ng mataas na blood pressure, paninigarilyo, sakit sa puso, diyabetes, mataas na blood cholesterol level, mataas na red blood cell count, obesity, malakas na pag-inom ng alak at paggamit ng droag, di masyado pagkilos, abnormal na tibok ng puso, at nasirang mga heart valve.

TANONG: Ano ang mangyayari pagkatapos ng isang stroke?

Depende sa kalubhaan ng stroke, maraming mga paggana ang maaaring mapinsala, kasama na ang pagkilos, pananalita, pagkain at paglunok; bowel at bladder; at ang kakayahan na mapamahalaan ang mga damdamin at makapag-isip nang malinaw.

Makalipas ang paunang emergency na paggagamot, maaaring kailanganin ng kombinasyon ng physical therapy, occupational therapy, at speech therapy. Maaaring tumagal ng ilang linggo, o kahit ilang taon; ang ilang mga tao ay maaaring ganap na gumaling mula sa mga stroke, habang ang iba ay nakakaranas ng permanenteng kawalan ng pagganap at kapansanan.

TANONG: Paano ko maiiwasan ang stroke?

Karamihan sa mga salik na humahantong sa isang stroke ay maaari naming makontrola. Bantayan at kontrolahin ang high blood pressure. Tumigil sa paninigarilyo. Kumain ng maayos na kaunti ang mga saturated fat at cholesterol at maraming fiber. Panatilihin ang wasto sa kalusugan na timbang. Regular na mag-ehersisyo. Bigyang limitasyon ang pag-inom ng alcohol.

TANONG: Mayroon bang mga clinical trial para sa stroke?

Oo. Para makahanap ng mga kasalukuyang isinasagawang trial para sa stroke, magpunta sa ClinicalTrials.gov (<https://clinicaltrials.gov>), isang website na maaaring paghanapan ng mga pampubliko at pribadong sinusuportahang mga clinical study na pinamamangasiwaan ng National Library of Medicine sa National Institutes of Health (<https://www.nih.gov>).

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: National Heart, Lung, and Blood Institute, American Stroke Association, Johns Hopkins Medicine, Centers for Disease Control and Prevention.

Kailangan ng kausap?

Maaaring tumugon ang aming Mga Information Specialist sa inyong mga tanong. Tumawag sa libreng toll, 1-800-539-7309 Lun-Biy, 7 am-12 am (hatinggabi) EST.

O mag-iskedyul ng tawag o magtanong online sa

<https://connect.paralysis.org/tl/send-us-your-question>.

Ang impormasyong nakapaloob sa mensaheng ito ay inilalahad para sa layunin ng pagbibigay-kaalaman at impormasyon sa inyo tungkol sa paralysis at sa mga epekto nito. Walang anumang nakapaloob sa mensaheng ito ang dapat ipakahulugan o gamitin para sa medikal na diyagnosis o paggamot. Hindi ito dapat gamitin na panghalinhin sa payo ng inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Kung mayroon kayong mga tanong na may-kaugnayan sa health care, agad na pakitawagan o puntahan ang inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Palaging kumonsulta sa inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider bago magsimula sa panibagong paggamot, diyeta, o programa sa fitness. Hindi ninyo dapat kailanman balewalain ang medikal na payo o mag-atubili sa paghahanap nito dahil sa anumang nabasa ninyo sa mensaheng ito.

Ang lathalang ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad sa pinansyal na tulong na may kabuuang halaga na \$10,000,000 na 100 porsiyentong pinopondohan ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at hindi tuwirang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, ni pag-eendorso ng ACL/HHS, o ng Pamahalaan ng U.S.